



CON 403
BT-1

OPISYAL NA BALOTA

PINAGSAMANG PAMPANGULUHANG PANGKALAHATANG HALALAN - NOBYEMBRE 3, 2020 COUNTY NG SAN LUIS OBISPO, CALIFORNIA

Mga Tagubilin sa mga Botante: Upang bumoto para sa isang kandidato na ang pangalan ay nasa balota, punan ang OBALO sa KANAN ng pangalan ng kandidato. Upang bumoto para sa isang laang pangalan ay wala sa balota, punan ang OBALO sa KANAN ng linya para sa isinusulat-lamang at isulat ang pangalan ng kandidato. Huwag bumoto nang mahigat sa pinapayagang bilang ng mga kandidato. Upang bumoto sa isang panukala, punan ang OBALO sa kanan ng salitang "OO" o ng salitang "HINDI". Maaaring makompriso ang pagkasekreto ng balota kung mamarahan ang balota sa labas ng itinalagang espasyo para sa isang kandidato o panukala. Kung napunit, narurumin, o maling mamarahan itinyo ang balotang ito, itaak ito at kumuha ng panibago.

UPANG BUMOTO, GUMAMIT NG BALLPOINT PEN NA MAY MATIM NA TINTA UPANG GANAP NA PUNAN ANG OBALO TULAD NITO.

<p>MGA KATUNGKULANG IMINUNGKAHI NG PARTIDO</p> <p>Ang tatak ng partido na kasama ng pangalan ng isang kandidato para sa katungkulang iminungkahe ng partido sa balota ng pangkalahatang halalan ay nangangahulugang ang kandidato ang opisyal na nominado ng partidong ipinapakita.</p> <p>PRESIDENTE AT BISE PRESIDENTE</p> <p>PRESIDENTE AT BISE PRESIDENTE</p> <p style="text-align: center;">Bumoto para sa Isang Partido</p> <p>HOWIE HAWKINS <small>Para Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>ANGELA NICOLE WALKER <small>Para Bise Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>JO JORGENSEN <small>Para Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>JEREMY "SPIKE" COHEN <small>Para Bise Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>JOSEPH R. BIDEN <small>Para Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>KAMALA D. HARRIS <small>Para Bise Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>DONALD J. TRUMP <small>Para Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>MICHAEL R. PENCE <small>Para Bise Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>GLORIA LA RIVA <small>Para Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>SUNIL FREEMAN <small>Para Bise Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>ROQUE "ROCKY" DE LA FUENTE GUERRA <small>Para Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p>KANYE OMARI WEST <small>Para Bise Presidente</small> <input type="radio"/></p> <p><input type="radio"/></p> <p><input type="radio"/></p> <p>Isinusulat-lamang <input type="radio"/></p> <p>MGA KATUNGKULANG IMINUNGKAHI NG BOTANTE AT DI-PARTIDISTA</p> <p>Ang lahat ng botante, anumang kinakatigang partido na inihayag nila sa pagpaparehistro, o pagtanggap maghayag ng kinakatigang partido, ay maaaring bumoto ng sinumang kandidato para sa isang katungkulang iminungkahe ng botante o di-partidista. Ang kinakatigang partido, kung mayroon man, na itinalaga ng isang kandidato para sa isang katungkulang iminungkahe ng botante ay pinipili ng kandidato at ipinapakita lang para sa impormasyon ng mga botante. Hindi nito ipinahihwatig na iminumungkahe o iniiendorso ang kandidato ng partido o inaaprobahan ng partido ang kandidato. Ang kinakatigang partido, kung mayroon man, ng isang kandidato para sa isang katungkulang di-partidista ay hindi lumalabas sa balota.</p> <p>KINATAWAN NG ESTADOS UNIDOS</p> <p>IKA-24 NA DISTRITO</p> <p style="text-align: center;">Bumoto ng Isa</p> <p>ANDY CALDWELL <small>Kinakatigang Partido: Republikano Bantay ng Pamahalaan</small> <input type="radio"/></p> <p>SALUD CARBAJAL <small>Kinakatigang Partido: Demokratiko Miyembro ng Kongreso</small> <input type="radio"/></p> <p>SENADOR NG ESTADO</p> <p>IKA-17 NA DISTRITO</p> <p style="text-align: center;">Bumoto ng Isa</p> <p>JOHN LAIRD <small>Kinakatigang Partido: Demokratiko Kalihim ng mga Likas na Yaman</small> <input type="radio"/></p> <p>VICKI NOHRDEN <small>Kinakatigang Partido: Republikano Negosyante</small> <input type="radio"/></p>	<p>MIYEMBRO NG ASEMBLEYA NG ESTADO</p> <p>IKA-35 NA DISTRITO</p> <p style="text-align: center;">Bumoto ng Isa</p> <p>DAWN ADDIS <input type="radio"/> <small>Kinakatigang Partido: Demokratiko Guro/Miyembro ng Konseho ng Lungsod</small></p> <p>JORDAN CUNNINGHAM <input type="radio"/> <small>Kinakatigang Partido: Republikano Miyembro ng Asembleya/Maliit na Negosyante</small></p> <p>DI-PARTIDISTA</p> <p>DAUNGAN</p> <p>DISTRITO NG DAUNGAN NG PORT SAN LUIS</p> <p>KOMISYONADO</p> <p style="text-align: center;">Bumoto ng hindi hihigit sa Tatlo</p> <p>BILL BARROW <input type="radio"/> <small>Pangkomersiyong Mangingisda/Komisyonado</small></p> <p>JIM BLECHA <input type="radio"/> <small>Komisyonado ng Daungan/Biyolohista</small></p> <p>SCOTT R. LATHROP <input type="radio"/> <small>Punong Opisyal ng Negosyo</small></p> <p>GARY MAIER <input type="radio"/> <small>Retiradong Tagapamahala ng Proyekto</small></p> <p>DAVE FRIESEN <input type="radio"/> <small>Negosyante</small></p> <p>ROBERT S. VESSELY <input type="radio"/> <small>Nanunungkulan</small></p> <p><input type="radio"/></p> <p><input type="radio"/></p> <p>Isinusulat-lamang <input type="radio"/></p> <p>Isinusulat-lamang <input type="radio"/></p> <p>Isinusulat-lamang <input type="radio"/></p> <p>MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE</p> <p style="text-align: center;">ESTADO</p> <p>14 NAG-AAWTORISA NG MGA BONONG NAGPAPATULUY NG PANANALIKSIK SA STEM CELL. INISYATIBONG BATAS. Nag-aawtorisa ng \$5.5 na bilyon na mga bono ng estado para sa: stem cell at ibang mga medikal na pananaliksik, kabilang ang pagsasanay; konstruksiyon ng pasilidad sa pananaliksik; mga gastos sa pangangasiwa. Naglalaan ng \$1.5 na bilyon sa mga sakit na may kaugnayan sa utak. Naglalaan ng mga pera ng Pangkalahatang Pondo para sa pagbabayad. Nagpapalawak ng mga kaugnay na programa. Epekto sa Pananalapi: Nadagdagang mga gastos ng estado upang bayaran ang mga bonong tinatayang nasa mga \$260 milyon kada taon sa susunod na halos 30 taon.</p> <p>OO <input type="radio"/></p> <p>HINDI <input type="radio"/></p>	<p>15 NAGDARAGDAG NG MGA PINAGKUKUNAN NG PAGPOPONDO PARA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN, MGA KOLEHIYO NG KOMUNIDAD, AT MGA SERBISYO NG LOKAL NA PAMAHALAAN SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAGO SA PAGTASA NG BUWIS NG PANGKOMERSIYO AT PANG-INDUSTRIYANG ARI-ARIAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS. 15 NAGDARAGDAG NG MGA PINAGKUKUNAN NG PAGPOPONDO PARA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN, MGA KOLEHIYO NG KOMUNIDAD, AT MGA SERBISYO NG LOKAL NA PAMAHALAAN SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAGO SA PAGTASA NG BUWIS NG PANGKOMERSIYO AT PANG-INDUSTRIYANG ARI-ARIAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.</p> <p>OO <input type="radio"/></p> <p>HINDI <input type="radio"/></p> <p>16 NAGPAPAHINTULOT NG PAGKAKAIBA-IBA BILANG ISANG ISINASAAALANG-ALANG SA MGA DESISYON SA PAMPUBLIKONG PAGTRABAHO, EDUKASYON, AT PAGKONTRATA. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS. Nagpapahintulot sa mga patakaran sa paggawa ng desisyon ng pamahalaan upang isaalang-alang ang lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan upang tugunan ang pagkakaiba-iba sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa ng tadhana sa saligang-batas na nagbabawal sa mga naturang patakaran. Epekto sa Pananalapi: Walang tuwirang epekto sa pananalapi sa mga pang-estado at lokal na entidad. Ang mga epekto ng panukala ay depende sa mga pagpli sa hinaharap ng mga entidad ng pang-estado at lokal na pamahalaan at mataas ang kawalan ng katiyakan.</p> <p>OO <input type="radio"/></p> <p>HINDI <input type="radio"/></p> <p>17 NAGBABALIK NG KARAPATANG BUMOTO PAGKAKUMPLETO NG TERMINO SA BILANGGUAN. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS. Nagbabalik ng mga karapatan sa pagboto pagkakumpleto ng termino sa bilangguan sa mga taong naging disqualipikado sa pagboto habang nagsisilbi ng isang termino sa bilangguan. Epekto sa Pananalapi: Mga taunang gastos ng county, malamang na nasa daan-daang libong dolyar sa buong estado, para sa pagpaparehistro ng botante at mga materyal ng balota. Isang-beses na mga gastos ng estado, malamang na nasa daan-daang libong dolyar, para sa mga kard at sistema ng pagpaparehistro ng botante.</p> <p>OO <input type="radio"/></p> <p>HINDI <input type="radio"/></p> <p>18 NAGSUSUSOG SA SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA UPANG PAHINTULUTAN ANG MGA 17 TAONG GULANG NA BUMOTO SA MGA PRIMARYA AT ESPEYAL NA HALALAN KUNG SILA AY MAGIGING 18 BAGO LUMAMPAS ANG SUSUNOD NA PANGKALAHATANG HALALAN AT SA IBANG PARAAN AY MAGIGING KARAPAT-DAPAT BUMOTO. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS. Epekto sa Pananalapi: Nadagdagang mga gastos ng county sa buong estado na malamang na nasa pagitan ng ilang daang libong dolyar at \$1 milyon bawat dalawang taon. Nadagdagang isang-beses na mga gastos sa estado na daan-daang libong dolyar.</p> <p>OO <input type="radio"/></p> <p>HINDI <input type="radio"/></p>
---	---	--

19 NAGBABAGO SA MGA PARTIKULAR NA TUNTUNIN SA BUWIS SA ARI-ARIAN. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS. Nagpapahintulot sa mga may-ari ng bahay na higit sa 55, may kapansanan, o mga biktima ng malaking sunog/kalamidad upang ilipat ang batayan ng buwis ng pangunahing tirahan patungo sa pamalit na tirahan. Nagbabago sa pagbubuwis sa mga paglipat ng pamilya - ari-arian. Nagtatatag ng pondo para sa mga serbisyong proteksiyon sa sunog. Epekto sa Pananalapi: Ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring makakuha ng sampu-sampung milyong dolyar ng kita sa buwis sa ari-arian kada taon sa paglipas ng panahon hanggang sa ilang daang milyong dolyar kada taon. Ang mga paaralan ay maaaring tumanggap ng mga katulad na pakinabang sa buwis sa ari-arian.

OO

HINDI

20 NILALAGYAN NG RESTRIKSIYON ANG PAROL PARA SA MGA PARTIKULAR NA PAGKAKASALA NA KASALUKUYANG ITINUTURING NA HINDI MARAHAS. NAG-AAWTORISA NG MGA SENTENSIYANG PELONI PARA SA MGA PARTIKULAR NA PAGKAKASALANG KASALUKUYANG ITINUTURING NA MGA MISDEMENOR LAMANG. INISYATIBONG BATAS. Nililimitahan ang akses sa programang parol na itinatag para sa di-marahas na mga pagkakasala na nakakumpleto ng buong termino ng kanilang pangunahing pagkakasala sa pamamagitan ng pag-aalis na pagiging karapat-dapat para sa mga partikular na pagkakasala. Epekto sa Pananalapi: Pagtaas sa pang-estado at lokal na mga gastos sa pagwawasto, hukuman, at pagpapatupad ng batas na malamang na nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, depende sa pagpapatupad.

OO

HINDI

21 NAGPAPALAWAK NG AWTORIDAD NG MGA LOKAL NA PAMAHALAAN UPANG MAGPATIBAY NG PAGKONTROL NG RENTA SA ARI-ARIANG PANTAHANAN. INISYATIBONG BATAS. Nagpapahintulot sa mga lokal na pamahalaan na magtatag ng pagkontrol ng renta sa mga ari-ariang pantahanan sa mga 15 taong gulang. Ang mga lokal na limitasyon sa mga pagtaas ng antas ay maaaring iba sa pambuong-estadong limitasyon. Epekto sa Pananalapi: Sa kabuuan, isang posibleng kabawasan sa pang-estado at lokal na mga kita na nasa mataas na sampu-sampung milyong dolyar kada taon sa paglipas ng panahon. Depende sa mga aksyon ng mga lokal na komunidad, ang mga pagkawala ng kita ay maaaring mas maliit o mas malaki.

OO

HINDI

22 PINALILIBRE ANG NAKABASE-SA-APP NA MGA KOMPANYA NG TRANSPORTASYON AT PAGHAHATID MULA SA PAGKAKALOOL NG MGA BENEPISYO SA EMPLEYADO SA MGA PARTIKULAR NA DRAYBER. INISYATIBONG BATAS. Kinaklasipika ang nakabase-sa-app na mga drayber bilang "mga independiyenteng kontratista," sa halip na "mga empleyado," at nagkaloob sa mga drayber na independiyenteng kontratista ng ibang kabayaran, maliban kung may mga partikular na pamantayan na natutugunan. Epekto sa Pananalapi: Maliit na pagtaas sa mga pang-estadong buwis sa kita na binabayaran ng mga drayber ng kompanya ng pagbahagi ng pagsakay at paghahatid at mga mamumuhunan.

OO

HINDI

23 NAGTATATAG NG MGA INIAATAS NG ESTADO PARA SA MGA KLINIKA NG DIALYSIS NG BATO. NAG-AATAS NG MGA MEDIKAL NA PROPESYONAL SA LUGAR. INISYATIBONG BATAS. Nag-aatas ng doktor, nanggagamot na nars o katulong ng doktor sa lugar sa panahon ng paggamot na dialysis. Pinagbabawalan ang mga klinika na magbawas ng mga serbisyo kung walang pag-aproba ng estado. Pinagbabawalan ang mga klinika na tumanggap gamutin ang mga pasyente batay sa pinagkukunan ng pagbabayad. Epekto sa Pananalapi: Nadagdagang mga gastos ng pang-estado at lokal na pamahalaan na malamang na nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

OO

HINDI

24 NAGSUSUSOG SA MGA BATAS SA PAGKAPRIBADO NG MAMIMILI. INISYATIBONG BATAS. Nagpapahintulot sa mga mamimili na: pigilan ang mga negosyo mula sa pagbahagi ng mga personal na impormasyon, itama ang hindi tumpak na mga personal na impormasyon, at limitahan ang paggamit ng mga negosyo sa "sensitibong personal na impormasyon," kabilang ang tiyak na lokasyon, lahi, etnisidad, at impormasyong pangkalusugan. Itinatatag ang Ahensiya ng Proteksiyon sa Pagkapribado ng California. Epekto sa Pananalapi: Nadagdagang taunang mga gastos ng estado na hindi bababa sa \$10 milyon, pero hindi malamang na humigit sa mababang sampu-sampung milyong dolyar, upang itatag ang pinalawak na mga batas sa pagkapribado ng mamimili. Ang ilang gastos ay mapapagaan ng mga multa sa paglabag sa mga batas na ito.

OO

HINDI

25 REPERENDUM SA BATAS NA PINAPALITAN ANG PERANG PIYANSA NG SISTEMANG BATAY SA KALIGTASAN NG PUBLIKO AT PANGANIB NG PAGTAKAS. Ang botong "Oo" ay nag-aaproba, at ang botong "Hindi" ay tumatanggi, sa batas na pinapalitan ang perang piyansa ng sistemang batay sa kaligtasan ng publiko at panganib ng pagtakas. Epekto sa Pananalapi: Nadagdagang mga gastos na posibleng nasa kalagitnaan ng daan-daang milyong dolyar taun-taon para sa isang bagong proseso para sa paglabas mula sa bilangguan bago ang paglilitis. Nabawasang mga gastos ng county sa bilangguan, posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

OO

HINDI

